

MANANSALA

BIRDS OF PARADISE, 1965

Ganito ang pagkapaso sa mga hindi maipahayag na pagnanasa: banal at dilaw,
Katulad nitong tanawin ng papalubog na araw na laging handang tumunaw
Sa ating paningin at dibdib, at may hatid na hapdi ang nagpapaalam na liwanag
Sa ilalim ng pilik. Madalas natututo tayong manatiling nakapikit, hayaan ang bigat

Ng talukap, magpatangay sa pinipintig na hiling: ito ang simula ng bawat panalangin. Sa
isip, ang kawan ng mga ibon, mga bagwis ng hindi matinag na likhang kulimlim, Tila
may sinasagot: *ano ba ang hubog ng diyos*. Nabubuhay tayo sa pananalig Sapagkat
nakamasid sa atin ang dilim. Halimbawa: ang dagim, ang dala nitong lamig.

Kaya naghahanap tayo ng mga kilalang kamay. O ang mga pamilyar na pagaspas. Sa dilim,
ang paghigit sa pandama: ang paglagablab ng nakalingkis na palad, Ang kaluskos ng mga
bumabangkang balahibo sa hangin padaong sa maalkitrang Pag-irai ng grabedad. Sa
pagkakadilat, ang nagaganap: umaahon ang kumpol-liwayway

Ng mga umiindayog na pakpak, tinutudla ang mga estrangherong estrelya, bitbit Ang
maghapong init. Linulusaw ng silaw ang kanilang dami't anino tila mga kuwit
Sa putol-putol na pangungusap ng pagdatal ng mga tala. Maiiwan tayong nahihimbing Sa
alingawngaw ng ilahas nilang pag-awit, dagit-dagit ang lahat ng ating hinihiling.

BIRDMAN, 1973

May mga tag-araw na katulad nito: may mga inilalakong ibon At ang harmoniya ng kanilang pagkakabilanggo'y nakakakuyom Ng puso at nakakapukaw ng mingaw. Doon ito sa may simbahan. Nauunawaan ko na ngayon ang Mesiyas nang binaklas niya Ang bawat hawla at isinubo sa kalawakan ang mga binagwisang Hinagpis. Nagsasalimbayang alkemiya ng mga kulay ang natatanaw Tulad ng biglaang paglipad ng napigtal na banderitas ng nakaraang Pista, napadapo sa kandong ng mga yero. Ito na ang parang at gubat Sa kanila. Nakakalansi ang bawat butil sa ating palad tila maamong Labangan ang naghahain. Ntinsan, noong nakaraang digma, tinuruan Ang mga kalapating magpiloto ng bomba. May kapalit na makakain Sa tamang pagtuka sa itinutudla sa mapa. Higit sa mga mandaragit Sila hinuhubog. Natigil ang proyekto nang nakilala ng kanilang tuka Ang mga kandado. Lumiliwayway sa panginoorin ang maiindayog Na pagkaway samantalang naiiwang nakabitin sa buntong-hininga Ang kanilang mga amo. Kailangang lumayo ng mamang naglalako. Kakalampag sa pagaspas ng mga pakpak ang mga kulungang kawayan. Sansaglit, tila naroroon sila sa ilog, umaawit ng kanilang iniibig na himig.



WHITE BIRDS DARK SHADOWS, 1962

WHITE BIRDS DARK SHADOWS, 1962

Ito ang sandali ng pagkagunaw: liwanag laban sa liwanag ng apokaliptikong pagliyab, Tinutupok ang panatag na balangkas ng umaga. Madaling sabihing nasusunog maging Ang mga ilahas na ningas. Nagkakabuhay ang aral ng hunyango—sa panahon ng gimbal

Nagbabago lahat ng kulay: nagsasadilaw ang langit na bughaw. Sa pagkakataong ito, Dinadagit ng pumpon ng mga ibon ang kanilang mga anino tulad ng mga ayudanteng Tinatakas ang bandera sa harap ng pagkagapi. Batid nilang maiiwan silang bakas-anino

Sa gilid ng bundok kung hindi makakalayo na tila laberinto ng mga sinaunang petroglipo: Mga banghay ng minsang malalayang nilalang. Pagmasdan: pumapailanlang ang kaselanan Ng kanilang pagpagaspas sa nakakalusaw na silaw: maninipis na bagwis at bangis kahawig

Ng mga talulot ng sampagang sumasalimbad matapos pagpipitasin ng hangin. Pagkasigasig Ang unang natutuhan ng mga nais mabuhay kahit kumukulo ang kalamnan ng pakpak, Nabubura sa paningin ang paroroonan. Nais kong maniwala na naroroon ang paraiso

Ngunit ikinahihiya ako ng mga salita. Wala sa mga ito ang makakapagpapaagan sa pagsabog, Marahil, *katahimikan*. Katahimikan pagkatapos ng bawat panalangin; katahimikan pagkatapos Ng punit-punit na pag-awit ng mga migranteng ibon—ipinipintig ang wasak nating daigdig.

BIRDS, 1981

Na maaaring hindi ukol sa sinauna nating pagnanasang makalaya ang ipinababatid ng kanilang
paglipad.

Sa sandaling ito, ang pagkakapiit ng kanilang anino sa kuwadro ng umaagos na estuwaryo; na
patuloy na

Napipilipit ang hubog upang maging aparisyon ng hangin. Paanyaya ito upang kilalanin ang
daigdig.

Naririto't binibigyang katibayan ang pag-iral ng pagkakaisa ng kalikasan: ang pagbukas ng ating mga
sarili

Sa panalangin; ang pananalig sa pagsimula ng pag-ibig. Marahil sa ganito nagsimula ang lahat:
sangsang

Ng akwatikong mundo, hapdi ng init ng hangin, at kumpol ng tigmamanukin. May hatid na
pagbibigat

Sa kanilang dibdib ang nangangalay na pakpak at ang kahabaan ng pangitain ng kawalang
katiyakan.

Lagi ang paninindigan sa pagsalimbay—ang hindi panghihinayang sa mga lagas na balahibong
natutong

Humimpil sa naghihingalong sandali. Tulad din ito ng mahabang patlang matapos ang isang
pagtatapat.

LANDSCAPE, 1947

Umiigkas ang mga tipaklong pag-akyat namin dito. Taas-baba Ang
hingal ng mga nasa unahan, tumatagas sa suot ang alinsangan.
Nagpapaypay ang kalansay na sanga. Naroroon at kinukutkot Ng
mga lumot ang huklubang bahay samantalang napakasigla

Ng katabing puno kahit baog sa hangin. Inaangkin ng alingasaw
Ang pandama: makapal sa ilong ang amag. Walang masisipat
Sa bintana. *Mamaya, mabubuhay sila*, bilin ng isa sa mga kasama. Sila
ang nakahanap dito matapos sundan ang laberinto ng santelmo.

Na parang pakikipagtugisan Ito sa lihim ng inmortalidad; himagsik Sa
kung ano ang maging tao. Napakadaling gilitan ang oras dito.
Takipsilim at nagluluwal ng tuldok-tuldok na liwanag ang hungkag
Na tahanan. Masasalamin ang mga ninanais ng aming damdamin.

Sa tuwing binabalikan ang daang pabalik laging may nawawala:
Sinugatang puno, binuhol na talahib, nagbubuntis na bato. Patuloy
ang pamamayani ng kalikasan. Kawing-kawing na tinik Ang naging
balatik at balakid. Nalanta ang kapit ng mga amorseko.

Ito nga marahil ang tanda ng pagkaligaw. Matagal nang ginuho
Ng ulan ang mga iniwan naming yapak. Marahil marurupok na
Ang alaala: Dito nalagas ang pipit, dumapo sa aming palad. O doon?
Nagtatago ang alimuom sa ginusot na dahon. Naroroon, naroroon.

BANKUSAY SEASCAPE, 1940

Ukol sa pangungulila: tanging talinghaga ang batid nating maiaalok ng dalampasigan – Pagpapaalala na saklot tayo ng mga alon at mahapdi ang pagkaskas ng alat sa talampakan. Laging may nakatanaw, nag-aabang sa pagaspas ng pamilyar na layag ngunit manaol lamang Ang iniluluwai ng abot-tanaw, magilas na emperador ng hungkag na imperyo. Nasa bingit Ng pag-aalinlangan ang bawat paghatid ng kabiyak sa mangingisda. Lagi ang pangangailangan 5a pamamaalam: ang pagtatanim ng halik sa pisngi, ang paghahabilin ng pag-iingat. May pinangangambahan sapagkat nagmamahal. Minsan, may makatang nagpaangkin Sa kalungkutan ng tadyang ng aplaya: *lahat, pati puso ay naagnas*; na tila ang tanging Pagkakakilala sa tabsing ay ang pagpintig ng mga nilimot na lihim ng pag-ibig, na ang simbolo'y Sisibol sa mga panibagong panibugho. Kaya may nagtitipon ng mga biyak na kabibe, Naghahanap ng mga kahulugan sa gaspang ng apdo ng bato. Naririto ang kasaysayan Ng mingaw. Papaano ba lilimutin *ang daliring garing at sakong na wari y kinuyom na rosas*? Maging ang ngalan ng dating kasintahan ay inangkin ng paparating na bagyo, na lagi't lagi'y May panata ng paglipol. Namamahay ang alaala sa kuyom na puso tulad ng mga kubling sigaw Sa tambuli – na salaysay ng mga sinauna nating pagkabigo. Samantala, sa laot, habang hibang Sa paniniwala na may makakabalik, ang dalampasigan ay isa lamang sa mga nakalatag na kislap Sa alat – humihiling na muli silang kilalanin tulad ng mga tingin na kay daling limutin.



BANAKLAOT, 1977

Dumarating ang umaga katulad ng dugo ng ibon. Magaspang
Ang tawag ng dagat. May mga pilat ang kanilang talampakan
Mula sa talas ng mga talaba't bato at sa pagkakahalik ng asin.

Kailangang bumangon ng baroto sa alon kahit muting mapangiti
Ang mga sariwang sugat at makutkot ng alat ang laman. Dito,
Tanging paghiwa ng asim sa sikmura ang kinikilala nilang hapdi.

Ganito lamang kalimitado ang maaari nating matanaw: mga biyas Na
nabibigyang linaw sa pagkakaunat, pares ng sombrero
Pumapagaspas sa habagat, katig na may panginingig sa sabik

Sa muling paghagkis ng kaliskis. May ipinapahiwatig ang mga impit Na
pantig sa hulihan ng *uno, dos, tres*. Tulad ng dati, hindi mababatid Ang
pagbalikwas ng ubaning lambat sa malutong na pagmumura

Ng mga banyera habang palusong ang proa sa batuhing bahagi Ng
baybayin. O ang paisa-isang pagkaupos ng mga santelmo
Sa laot tulad ng pagkatuyo ng samyo ng dama de noche sa umaga.

Sa pagkakataong ito, umaayon ang lahat sa katotohanan. Walang
Masama sa paglalantad sa anumang nakikita ngunit nagpasaan Ang
mga matang hindi mata lamang bagkus sisidlang liwanag

Na tumutupok sa lamig ng pananaginip. Marahil himbing pa rin. At
magigising sa pagkalunod ng sampiso. Mamaya, uuwi silang Pasan
ang lansa, alat at araw na tayo lamang ang makakaalam.

JEEPNEYS, 1951

Baka sakaling hindi mo nababatid, pinaniwala tayo sa ilusyon ng pagsulong.

At para sa naalimpungatan ngayong katanghaliang tapat, nagkukulay ginto Ang lungsod. Nauuhaw ang mga sasakyan at itinanim ang gulong sa kalsada.

Sanay-sanayan lamang ito. Dito, hindi mo mahahanap ang pag-asa sa gaspang

Ng mga busina: lumalapnos ito sa pandinig. Kahit likaw ng matandang bulong Ng albularyo ay wala rito. Kaunting sipol. Patay ang hangin dito. Naagnas. At kung may tumalong barya sa bulsa saka lamang ito muling magkakabuhay.

Laging pares ang paglalakad ng mga taga-rito. Hindi ito ang kasukalang pugad Ng mga punsong ibiniling iwasan, ngunit palaging may nag-aabang – mekanikal At de-karbon. Makailang ulit mo na ring binilang ang mga basag na suso noon

Sa kalsada. Minsan may itlog. At sa ilalim ng mga kuko tila kalawang ang tilamsik Ng pagkapisak. Wala naman itong ipinagkaiba sa bubungan ng mga sasakyang Kinamamanghaan. Nakakapit pa rin ang pulbura sa upuan. Kailangang mag-isip

Upang mabuhay. Maghanap ng may saysay sa kasaysayan. Umangkop sa panahon. Gumugulong-gulong sa isip ang isang parada. Laging may ringal ng pag-asa Sa wagayway ng mga banderitas. Sandaling pumikit, namnamin ang pagkahimpil. Baka sakaling hindi mo nababatid, pinaniwala tayo sa ilusyon ng pagsulong.

PHILIPPINES MOTHER AND CHILD, 1965

Nilalagnat ang liwanag mula sa gasera. Tanging Ito lamang Ang
pagmamay-ari nila. May ilang alam na alamat ang ma: May
nagmula sa matatandang sibilisasyong ginilitan ng digma,

Nilamon ng ating pagkalimot. Sa bawat pagtatapos ng salaysay
May nabibitak na pag-ibig. Ito lamang ang kanyang maiaalok At
ang isandipang liwanag. Nagliliyab ang mga alaala habang

Tinutupok ang mga salitang walang mukha katulad ng *ama*. Na
ang bawat pakikipag-usap sa anak ay isang panunulay
Sa kasinungalingan. Naninimbang ang pag-asa sa mumunting

Ngiti ng anak, sa nagpupumintig na nakapiit na tinig at pilit
Bumubuo ng pantig na aalo sa kanya. Hindi maaring matulog
Ngayong gabi. Sa labas nakanguso ang himagsik ng nagdidilim

Na hangin. May nunal sa talampakan ang sanggol at sa tuwing
Dumadagundong, itinatago ng kaparehas ang nagtatakda

Ng tatahakin niyang tadhana. Papatuluyin niya sa bibig ang gatas.

May pangil ang dilim na sasagpang sa ningas at bago tabingan
Ang kanilang paningin, magsisimulang magsalaysay ang ina Ukol
sa batang kumain ng kidlat at naging isang alitaptap.

M G A T A L A

WHITE BIRDS DARK SHADOWS, 1962 – ang epigrape ay halaw sa tulang "Laboratoryo at Dambana" ni Teo S. Baylen.

BANKUSAY SEASCAPE, 1940 – ang mga naka-italics ay mula sa tulang "Sa Tabi ng Dagat" ni Ildefonso Santos.

CALESA, 1955 – may ilang elementong halaw sa pelikulang "The Turin's Horse" ni Bela Tarr. Ang taludtod na naka-italics ay salin sa quote ni Friedrich Nietzsche: *What is the seal of liberation? - To no longer be ashamed in front of oneself.*'